AHA! LEARNING CENTER'S
**ESKWELANG PAMILYA**
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 73**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 73** |
|---|
| Theme: Ang Batang Ayaw Kumain Ng Gulay - Sa Headquarters Ng Mga Diwata |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG BATANG AYAW KUMAIN NG GULAY: SA HEADQUARTERS NG MGA DIWATA**

**WRITING PROMPT LESSON 73**
---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, susundan natin ang kwento ng isang batang ayaw kumain ng gulay. Sa nakaraang araw, nalaman na natin kung bakit ginawang kambing ng diwata ang ating bida. Sa araw na ito magsisimula ang ating adventure kasama ang diwata. Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**
Muling pumitik ang daliri ng diwata, naging maliit ka, sobrang liit na batang kambing. Dumating ang isang higanteng bubuyog at sumakay kayo sa kanya! Lahat ng bagay na noon ay maliit para sa iyo'y naging higante na!

Matapos ang ilang saglit na paglipad, nakarating kayo sa isang punong napakalaki, pumasok ang bubuyog sa isang butas nito at hindi ka makapaniwala sa nakita mo! Parang opisina sa mga spy movies! Sobrang daming diwata at mga insektong nagtutulungan sa loob.

Nakarating kayo sa opisina ng diwata. Pagpasok nagpakilala ang diwata, "Ako si Hanan, diwata ng mga halaman. Malaking bahagi ng aking trabaho ang siguraduhing kumakain ng gulay ang mga batang katulad mo." Matapos niyang magsalita, lumabas ang isang napakalaking flat screen TV mula sa sahig!

"Dito mo makikita ang lahat ng pinagdadaanan ng ating mga gulay. Kain ka muna!" Lumabas ang isang plato ng hotdog. Na-excite ka at kumain ka nito, ngunit hindi ito masarap sa panlasa mo, ugh! Nakakadiri.

"Bakit hindi masarap? Hotdog to ah" sabi mo.
"Isa kang kambing ngayon. Hindi kumakain ng hotdog ang kambing," sabi ni Hanan
"Anong kakainin ko?" Matapos mo itong sabihin, lumabas ang isang platong puno ng gulay.

Tinikman mo ang isang piraso ng lettuce, yung gulay na madalas nasa sandwich at burger. Hindi man kasing sarap ng lasa ng burger na naaalala mo, pero iba pala ang gulay, may kunat na gaya ng sa chichirya at para bang wow! Narefresh ang iyong katawan. Napakasarap pala ng gulay! Dagdagan at bigyang detalye ang kwento!

•Anong mararamdaman mo kung makakasakay ka sa isang bubuyog?
•Ano ang ibig sabihin ng opisina sa mga spy movies? Anong itsura nito? (Magpatulong sa inyong mga kasama sa bahay upang malarawan ang ganitong klase ng opisina!)
•Anong itsura ng opisina ni Hanan?
•Ikaw ba mahilig kang kumain ng gulay? Ano ang paborito mong kaining gulay?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."